Lungsod ng New York

# 2023 Gabay ng Botante sa Primaryang Halalan

AAPI POWER COALITION

Tagalog

# Tungkol sa Amin

AAPI POWER COALITION

Ang **AAPI Power Coalition** ay isang pangunahing kolektibo na nagtatrabaho upang palakasin ang mga komunidad ng mga Asyanong Amerikano at Taga-isla sa Pasipiko sa pamamagitan ng edukasyon at pag-abot sa botante. Kasama sa aming koalisyon ang 10 organisasyon na naglilingkod sa magkakaibang komunidad sa buong Lungsod ng New York.

Asian American Federation

Ang **Asian American Federation**, na itinatag noong 1989, ay ang pinakamakapangyarihang tinig ng pamumuno sa Lungsod ng New York na nagtataguyod ng higit na katarungan at oportunidad para sa 1.5 milyong mga Taga New York na bumubuo sa komunidad ng mga Asyano sa New York.

## Makipag–ugnayan sa amin


120 Wall Street, 9th Fl,
New York, NY 10005

vote@aafederation.org

(212) 344-5878


# Mga Pangunahing Petsa ng Halalan

### Huling Araw ng Pagpaparehistro ng Botante

**Sa Personal at Sa Pamamagitan ng Koreo**

SABADO
HULYO
17

### Huling Araw upang Humiling ng Absentee na Balota

**Sa Pamamagitan ng Koreo**

LUNES
HULYO
12

**Sa Personal**

LUNES
HULYO
26

### Yugto ng Maagang Pagboto

HULYO 17 - HULYO 25

*Nag–iiba–iba ang oras*

### Araw ng Primaryang Halalan

**Sa Personal**

MARTES
HULYO
27

*6am – 9pm*

### Huling Araw upang Ibalik ang Absentee na Balota

**Sa Personal at Sa Pamamagitan ng Koreo**

MARTES
HULYO
27

# Sino ang maaari Kong Iboto?

## Mga Tanggapan ng Lungsod

Ngayong Hunyo, maaari niyong iboto ang inyong susunod na konsehal para katawanin kayo sa Konseho ng Lungsod, Mga Abogado ng Distrito para sa Bronx, Queens, at Staten Island, pati na rin sa Mga Hukom at Delegado ng Hukuman ng Lungsod sa kombensyong hudisyal. Ang Konseho ng Lungsod ay lumilikha ng mga batas na nakakaapekto sa inyo, sa inyong pamilya, at sa inyong purok sa inyong mga lokal na distrito kaya't siguruhing bumoto!

Ang Konseho ng Lungsod ng New York ay ang lupon na tagagawa ng batas ng Lungsod ng New York. Ang 51 miyembro na kumakatawan sa 51 distrito ng konseho ay nakikipagtulungan sa alkalde para gumawa ng mga bagong batas. Sila ay inihahalal kada apat na taon ngunit dahil sa muling pagdidistrito at mga pagbabago ng 2020 sa NYC charter, ang mga Miyembro ng Konseho na nahalal noong 2021 at 2023 na eleksyon ng Konseho ng Lungsod ay maglilingkod ng dalawang taong termino, na may buong apat na taong mga termino na magpapatuloy pagkatapos ng 2025 eleksyon ng Konseho ng Lungsod ng New York.



## Ranggo na Pagpipiliang Pagboto

Ang pangunahing eleksyon ngayong taon ay gagamit ng Ranked Choice Voting. Nagbibigay-daan ito sa mga botante na rangguhan ang mga kandidato ayon sa pagkagusto: una, ikalawa, ikatlo, at iba pa.

Alamin kung sino-sino sa mga kandidato ang nasa inyong balota:

I-SCAN DITO!

# Ang Primaryang Halalan

Sa primaryang halalan, ikaw ang magpapasya kung sinong mga kandidato ang magiging mga nominado ng iyong partido para sa pangkalahatang halalan sa Nobyembre.

Dapat kang magparehistro sa isang politikal na partido upang makaboto sa primaryang halalan sa New York. Magagawa mo ito kapag nagparehistro ka para makaboto o sa pamamagitan ng pag - update ng iyong rehistrasyon.

Maaari mong suriin ang iyong partidong kinaaaniban dito:

I-SCAN DITO!

# Pagpaparehistro para Bumoto

Ang huling araw ng pagpaparehis-tro para sa eleksyon sa Ika-27 ng Hulyo ay sa Ika-17 ng Hulyo. Kaya huwag ka nang maghintay!

Magparehistro online o sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang papel na form. Ang mga nakumpletong papel na form ay maaaring ipadala sa koreo o ipadala sa Lupon ng mga Halalan.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagpaparehistro, humiling sa isa sa aming mga boluntaryo o mag - email sa amin sa vote@aafederation.org

I-download at i-printa ang isang Tagalog form ng pagpaparehistro:

Dapat makumpleto sa Ingles

I-SCAN DITO!

Magparehistro upang bumoto online:

(Ingles lamang)


I-SCAN DITO!

# Paano Ako Boboto?

## Bumoto nang Maaga sa Personal

Ang bawat botante sa NYC ay maaaring bumoto nang maaga bago ang Araw ng Halalan. Ang pagboto nang maaga ay maginhawa, mabilis, at napapasadya.

Maaari kang bumoto nang maaga mula Hunyo 17 - Hunyo 25, bagaman mag-iiba-iba ang oras bawat araw.



## Bumoto sa Araw ng Halalan

Iparinig ang iyong boses sa pamamagitan ng pagboto sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 27.

Ang mga botohan ay bukas mula 6am-9pm

Bisitahin ang website ng Lupon ng mga Halalan ng NYC upang mahanap ang lokasyon ng iyong botohan para sa maagang pagboto at araw ng halalan:

I-SCAN DITO!




## Bumoto nang Absentee

Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay isang ligtas, madali, at tiyak na paraan upang ikaw ay bumoto.

May kasama itong return na sobre at mga tagubilin. Subalit, dapat kang maglagay ng selyo sa koreo sa iyong balota. Inirerekumenda namin ang dalawang mga selyo sa koreo.

Humiling na ipadala sa iyo sa koreo ang isang absentee na balota:

I-SCAN DITO!

*Ang mga absentee na balota ay maaari ring ihulog sa Lupon ng mga Halalan ng inyong county o sa inyong lugar ng botohan sa araw ng halalan o sa isang araw ng maagang pagboto.



# Pag-akses ng Botante

## Tulong sa Wika

Ang mga tagasalin sa Tagalog ay matatagpuan sa ilang mga lokasyon ng botohan.



Kung kailangan mo ng tulong sa wika sa isang site ng botohan, mayroon ka ring karapatang magdala ng inyong sariling tagasalin.

Alamin kung aling mga lokasyon ng botohan ang magbibigay ng mga serbisyo ng mga pagsasalin:

I-SCAN DITO!

## Tulong sa May mga Kapansanan

Ang Mga Aparato sa Pagmamarka ng Balota ay magagamit sa mga lokasyon ng botohan at maaaring makatulong sa mga botante na bulag, may kapansanan sa paningin, o may kapansanan o kondisyon na nagpapahirap o imposibleng markahan ang isang balota ng isang panulat.



Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa Mga Aparato sa Pagmamarka ng Balota:

I-SCAN DITO!

# FAQ

## Kailangan ko bang magdala ng ID?

Inirerekomenda na magdala ng isang ID ang mga unang beses pa lamang boboto.

## Paano kung lumipat ako?

Kapag lumipat ka, dapat mong baguhin ang iyong address sa Lupon ng mga Eleksyon sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang bagong form ng pagpaparehistro ng botante.

## Sino ang kuwalipikado na bumoto?

Ikaw ay kuwalipikado na magparehistro upang makaboto kung ikaw ay:

1. Isang Mamamayan ng US
2. Isang residente ng Lungsod ng New York nang hindi bababa sa 30 araw
3. at hindi bababa sa 16 na taong gulang

   Maaari kang magparehistro upang makaboto sa edad na 16 o 17, ngunit dapat 18 ka na upang makaboto

## Sino ang dapat kong tawagan kung may problema sa aking lugar ng botohan? (Ingles lamang)

Maaari mong tawagan ang NYC Board of Elections tungkol sa anumang problema sa iyong lugar ng botohan. Tumawag sa 1-866-Vote-NYC (1-866-868-3692).

## Sino ang maaari kong tawagan kung ang aking mga karapatan, o sa ibang tao, ay nilalabag? (Ingles lamang)

Maaari mong kontakin ang Election Protection hotline para makipag-usap sa isang sinanay na boluntaryo ng Election Protection at makakuha ng libreng legal na suporta. Tumawag sa 1-866-OUR-VOTE (1-866-687-8683).

## Mga Lokasyon ng Lupon ng mga Halalan

**Bronx**
1780 Grand Concourse, 5 Fl,
Bronx, NY 10457

**Brooklyn**
345 Adams Street, 4 Fl,
Brooklyn, NY 11201

**Queens**
118-35 Queens Boulevard,
Forest Hills, NY 11375

**Manhattan**
200 Varick Street, 10 Fl,
New York, NY 10014

**Staten Island**
1 Edgewater Plaza, 4 Fl,
Staten Island, NY 10305

# Saan ako boboto?

Ang Araw ng Eleksyon ay sa
**MARTES 6/27**

# Anong oras ako boboto?

Ang mga botohan ay bukas mula
**6AM - 9PM**

May mga tanong ka ba?

Bisitahin ang aafederation.org/voter-guide o i-scan ang QR code sa ibaba para sa karagdagang impormasyon sa pagpaparehistro ng botante, mga paraan ng pagboto, mga politikal na partido at higit pa, o upang mahanap ang lokal na tanggapan ng Lupon ng mga Halalan ng iyong county.

I-SCAN DITO!

O makipag - ugnayan sa amin sa
vote@aafederation.org

AAPI POWER COALITION

Asian American Federation